

4 Mayo 2025

Ika-3 Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Taon K

Sa Pangangalaga ng Masuyuing Pastol

Ngayong Ikatlong Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, pagtutuunan natin si Kristong Muling Nabuhay na nagpakita sa kanyang mga tagasunod sa Lawa ng Tiberias at ang paghirang niya kay Simon Pedro bilang punong pastol ng Simbahan.

Natatangi ang ganitong paghirang pagka't kamakailan lamang ay ipinagkaila ni Pedro na disipulo siya ni Hesus. Binigyan siya ni Hesus ng pagkakataong makabawi nang makaitlong ulit niya itong tinanong: "Iniibig mo ba ako?" – tanong na sinagot naman ng makaitlong pagpapahayag ng pagmamahal ng disipulo. Kaya nga, hinirang siya ni Hesus na maging kauna-unahang Papa.

Pinatutunayan nito ang kahalagahan ng tapat na pag-ibig kay Hesus di lamang para sa pastol ng Simbahan, kundi para rin sa kanyang kawan. Pag-ibig ang mahalaga sa ating pakikipag-ugnayan kay Hesus, at walang maipapalit dito.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa D'yos tayo ay magalak, lahat magpuri nang wagas. Sa ngalan n'ya'y ipahayag pagpupuring walang kupas, Aleluyang walang wakas!
(Salmo 66:1-2)

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang

tayo'y maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng banal na misteryo. (Tumahimik sandali.)

P– Panginoong Hesus, ikaw ang Kordero ng Diyos na naluluklok sa kanan ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, nagpakita ka sa mga disipulo sa Lawa ng Tiberias upang patatagin ang kanilang pananampalataya. Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, inihabilin mo ang iyong kawan kay Pedro at sa kanyang mga kahalili. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, lagi nawang magalak ang iyong sambayanan sa pagkakaroon ng bagong kalooban upang sa kadakilaang dulot ng pag-anib sa iyong angkan, ang araw ng pagkabuhay ay maging pag-asa sa pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 5:27-32.40-41*

Dahil sa kanilang pagtalima sa utos ni Hesus na ipangaral ang Ebanghelyo, nalagay sa alanganin ang mga apostol sa Sanedrin. Ngunit di nila alintana ang pananakot o pagbabanta; alam nilang higit na mabuting sumunod sila sa Diyos kaysa sa tao.

L—Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon: Ang mga Apostol ay siniyasat ng pinakapunong saserdote. “Mahigpit naming ipinagbawal sa inyo ang pangangaral sa pangalan ng Hesus na iyan,” wika niya, “ngunit tingnan ninyo ang inyong ginawa! Laganap na sa Jerusalem ang inyong aral at ibig pa ninyo kaming panagutin sa pagkamatay ng taong iyan!”

Ngunit sumagot si Pedro at ang ibang mga apostol, “Ang Diyos ang dapat naming sundin, hindi ang tao. Ang Diyos ng ating mga ninuno ang muling bumuhay kay Hesus na pinatay ninyo nang inyong ipapako sa krus. Iniakyat siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang Tagapanguna at Tagapagligtas, upang bigyan ng pagkakataon ang mga Israelita na magsisi’t tumalikod sa kanilang mga kasalanan, at sa gayon, sila’y patawarin. Saksi kami sa mga bagay na ito—kami at ang Espiritu Santo na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tumatalima sa kanya.”

Pagkatapos pagbawalang mangaral sa pangalan ni Hesus ang mga apostol, sila’y pinalaya. Galak na galak na umalis ang mga apostol sa harap ng Sanedrin

sapagkat minarapat ng Diyos na sila’y malagay sa kahihiyang alang-alang sa pangalan ni Hesus.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 30*
B—Poong sa aki’y nagligtas, ang dangal mo’y aking galak!

R. M. Velez

Poong sa a---ki'y nagligtas, ang dangal mo'y a---king ga--lak!

* O Panginoon ko, sa iyong ginawa, kita’y pinupuri’t ako’y iniligtas, kaya ang kaaway ay di na nakuhang matuwa’t magalak. Mula sa libingang daigdig ng patay, hinango mo ako at muling binuhay; ako na kasama nilang napabaon sa kailaliman. *B.*

* Purihin ang Poon, siya ay awitan ng lahat ng tapat na mga hinirang. Iyong gunitain ang mga ginawa ng Diyos na Banal, ang kanyang ginawa ay alalahanin at pasalamat! Hindi nagtatagal yaong kanyang galit, at ang kabutihan niya’y walang wakas. Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag, sa bukung-liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak. *B.*

* Kaya’t ako’y dinggin, ikaw ay mahabag sa akin, O Poon, ako ay pakinggan, mahabag ka, Poon! Ako ay dinggin mo at iyong tulongan. Nadama ko’y galak nang iyong hubarin ang aking panluksa. Sa pasalamat sa iyo, O Poon, ay di magsasawa. *B.*

Ikalawang Pagbasa

Pah 5:11-14

Si Hesukristo ang Kordero ng Diyos na nag-alay ng kanyang buhay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Narito ang pagpapahayag ng mga anghel sa kanyang kaharian sa langit at ang pagtugon ng santinakpan sa gayong pahayag.

L—Pagbasa mula sa Aklat ng Pahayag

Akong si Juan ay tuminging muli at narinig ko ang tinig ng libu-libo’t laksa-laksang anghel. Sila’y nakapaligid sa trono, sa

apat na nilalang na buhay, at sa matatanda. Umaawit sila ng ganito: “Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, at kalakasan, papuri, paggalang at pagdakila!”

At narinig kong nag-aawitan ang mga nilikhang nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa, at nasa dagat—lahat ng nilikha sa buong sanlibutan:

“Sa kanya na nakaluklok sa trono, at sa Kordero, sumakanila ang kapurihan at karangalan, kadakilaan at kapangyarihan, magpakailanman!”

Tumugon ang apat na nilalang na buhay: “Amen!” At nagpatirapa ang matatanda at nagsisamba.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Si Kristo’y muling nabuhay!

Kanyang nilikha ang tanan, mga tao’y dinamayan.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 21:1-19*

Mula nang muli siyang nabuhay, makailang ulit na nagpakita si Hesus sa kanyang mga apostol sa Jerusalem. Ngayon, nagpakita siya sa kanila sa Lawa ng Tiberias, sa Galilea, para paaalalahanan sila na kailangan nila si Hesus sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Dito rin hinirang ni Hesus si Pedro na maging punong pastor ng Simbahang kanyang kawan.

P—Sumainyo ang Panginoon!

B—At sumaiyo rin!

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Muling napakita si Hesus sa mga alagad sa tabi ng Lawa ng Tiberias. Ganito ang pangyayari.

Magkakasama sina Simon Pedro, Tomas na tinaguriang Kambal, Natanael na taga-Cana, Galilea, ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pang alagad. Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, “Mangingisda ako.” “Sasama kami,” wika nila. Umalis sila at lumulan sa bangka, subalit

walang nahuli nang gabing iyon.

Nang magbubukang-li-wayway na, tumayo si Hesus sa pampang, subalit hindi siya nakilala ng mga alagad. Sinabi niya, “Mga anak, mayroon ba kayong huli?” “Wala po,” tugon nila.

“Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan ng bangka at makahuhuli kayo,” sabi ni Hesus. Inihulog nga nila ang lambat at hindi nila ito mahila sa dami ng huli. Sinabi kay Pedro ng alagad na minamahal ni Hesus, “Ang Panginoon iyon!” Nang marinig ito ni Simon Pedro, siya’y nagsuot ng damit sapagkat hubad siya at tumalon sa tubig. Ang kasama niyang mga alagad ay sumapit sa pampang, sakay ng munting bangka, hila-hila ang lambat na puno ng isda. Hindi sila gaanong kalayuan sa pampang – mga siyamnapung metro lamang.

Pag-ahon nila sa pampang ay nakakita sila roon ng mga baga na may isdang nakaihaw, at ilang tinapay. “Magdala kayo rito ng ilang isdang nahuli ninyo,” sabi ni Hesus. Kaya’t sumampa sa bangka si Simon Pedro at hinila sa pampang ang lambat na puno ng malalaking isda – sandaan at limampu’t tatlong lahat. Hindi napunit ang lambat, kahit ganoon karami ang isda. “Halikayo at magalmusal tayo,” sabi ni Hesus. Isa man sa mga alagad ay walang nangahas magtanong sa kanya kung sino siya, sapagkat alam nila na siya ang Panginoon.

Lumapit si Hesus, kinuha ang tinapay at ibinigay sa kanila, gayon din ang isda. Ito ang ikatlong pagpapakita ni Hesus sa mga alagad pagkatapos na siya’y muling mabuhay.

Pagkakain nila, tinanong ni Hesus si Simon Pedro, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako nang higit kaysa mga ito?” “Opo, Panginoon, nalalaman ninyong iniibig ko kayo,” tugon niya. Sinabi sa kanya ni Hesus, “Pakanin mo ang aking mga batang tupa.” Muli siyang tinanong ni Hesus, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?” Sumagot si Pedro, “Opo, Panginoon, nalalaman ninyong iniibig ko kayo.” Ani Hesus, “Pangalagaan mo ang aking mga tupa.” Pangatlong

ulit na tinanong siya ni Hesus, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?” Nalungkot si Pedro, sapagkat makaitlo siyang tinanong: “Iniibig mo ba ako?” At sumagot siya, “Panginoon, nalalaman po ninyo ang lahat ng bagay; nalalaman ninyong iniibig ko kayo.” Sinabi sa kanya ni Hesus, “Pakanin mo ang aking mga tupa. Tandaan mo: noong kabataan mo pa, ikaw ang nagbibihis sa iyong sarili at lumalakad ka kung saan mo ibig. Ngunit pagtanda mo, iuunat mo ang iyong mga kamay at iba ang magbibihis sa iyo at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig.” Sinabi niya ito upang ipakilala kung paano mamamatay si Pedro at sa gayo’y mapararangalan niya ang Diyos. Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Hesus, “Sumunod ka sa akin!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Tayo ang kawan ni Kristo at siya ang ating Butihing Pastol. Sa kanyang pag-ibig sa atin, inihabi-

lin niya tayo sa pangangalaga ng mga pastol na pinamumunuan ni Pedro. Bilang pasasalamat dito, manalangin tayo:

B – Dakilang Pastol, dinggin mo kami!

* Para sa Santo Papa, na kahalili ni San Pedro: Nawa’y patnubayan niya ang kawan ni Kristo sa makalangit na karunungan at pag-ibig ng Panginoon. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng obispo at ibang pinuno ng Simbahan: Nawa’y manatili silang kaisa ng Santo Papa at makipagtulungan sa kanya tungo sa ikabubuti ng lahat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga Kristiyanos: Nawa’y ituring nila ang Santo Papa hindi bilang isang hadlang kundi hinirang ng Diyos para sa pagtataguyod ng pagkakaisa at kabutihan ng buong Simbahan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng nangangalaga’t nagpapastol sa mga tao: Nawa’y tandaan nilang lagi na ang tagumpay ng kanilang mga pagsisikap ay buhat kay Hesus, ang Dakilang Pastol. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng may kinalaman sa nalalapit na halalalan, lalo na ang mga kandidato’t kani-kanilang taga suporta: Nawa’y umiwas sila sa anumang uri ng pandaraya at karahasan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Upang sa pamamagitan ng paggawa, ang bawa’t isa ay makapag kamit ng tunay na tagumpay, at bawa’t pamilya ay maitaguyod sa dangal at ang lipunan ay lumago sa diwa ng tunay na pagkatao ayon sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

P– Panginoon ng Hesus, salamat sa paghirang mo kay Pedro at sa kanyang mga kahalili bilang mga punong pastol ng iyong Simbahan. Nawa’y makita at madama namin sa kanila ang iyong mapagpastol na kalingang maghahatid sa amin sa iyong kaharian ngayon at magpakailanman.

B–Amen!



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay ng iyong sambayanang natutuwa. Ang pagkabuhay ng iyong Anak na niloob mong aming ikatuwa ngayon ay papagbungahin mo ng galak na mananatili sa amin habang panahon sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo V

P– Sumainyo ang Panginoon!

B– At sumaiyo rin!

P– Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B– Itinaas na namin sa Panginoon!

P– Pasalamat natin ang Panginoon at ating Diyos!

B– Marapat na siya ay pasalamat!

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumobos sa aming lahat.

Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay ay handog ng pag-ibig na walang kapantay. Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan. Ito ang nilunggati ng dating pag-aalay. Ang buong sarili ng Anak mong si Hesus ay inihain sa iyo upang kami'y matubos. Siya ang dambana at paring naghahandog. Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo Panginoon Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B– Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Halina at pagsaluhan, sabi ni Hesus na mahal, ang aking handang tinapay na sa inyo'y ibibigay. Aleluya, siya'y awitan!
(Juan 21:12-13)

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, tunghayan mo at lingapin ang

iyong sambayanan na minarapat mong makinabang sa piging na pangmagpakailanman. Ipagkaloob mong kami'y maluwalhating makarating sa pagkabuhay na magtatampok sa amin sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

Ang Diyos na tumubos at kumupkop sa inyo pakundangan sa Pagkabuhay ni Hesuskristo ay siya nawang magkaloob sa inyo ng kaligayahang walang hanggan.

B– Amen!

P– Kayong pinagkalooban ng Manunubos ng walang maliw na kalayaan ay pagkamtin nawa niya ng kanyang pamanang buhay na walang hanggan.

B– Amen!

P– Dahil kayo ay kaisa niyang bumangon mula sa kamatayan dahil sa pananampalataya at binyag, kayo nawa'y makatambal ng mga nasa kalangitan ayon sa inyong mabuting pamumuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Tune in to Radio Veritas (846 kHz) every Saturday from 5:00 to 6:00 p.m. and listen to BISPERAS SA VERITAS

the interactive radio program that helps you discover – the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and

– how they can empower your life, your family, and your community.



WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

PANAGUTAN MO!

Kalakbay at Katoto

Mas malinaw ang lahat kapag inulit-ulit natin. Sa tradisyon ng Biblia at kultura ng mga Israelita, ang inuulit ng makaitlong beses ay hindi lang mahalaga. Nagtataglay ito ng kahulugang matayog – isang katotohanang kapantay ika nga, ng dakilang hiwaga ng Banal na Santatlo, Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.

Tatlong beses tinanong ng Panginoon si Pedro: “Iniibig mo ba ako?” Tatlong beses din sumagot si Pedro. Tatlong beses niyang tiniyak na narinig ng Panginoon ang malinaw na laman ng kanyang puso.

Ito ang parehong Pedrong nagtatwa sa Kaniya. Ito ang parehong disipulong tatlong beses niyang itinanggi sa babae na siya ay disipulo ng Gurong dinakip at dinala sa harap ng mga tagapag-usig. **Pero ang mahalaga sa tatlong ulit na tanong ay hindi na ang nilalaman ng puso ni Pedro, kung hindi kung handa niyang gawin ang pangalagaan, pakanin, at pagmalasakitan ang itinuturing na kawan ng Panginoon.**

Madali ang magpahayag ng pag-ibig. Madaming paraan. Maraming *emoji* at puso na puedeng gamitin sa *social media*. Madali ang mangako. Madaling magpatong ng kamay sa Biblia at ipahayag ang walang halong paghahanap sa sariling paglilingkod. Madali ang sumumpa.

Subali’t alam nating lahat ito . . . Matapos manalo sa halalan ay bihira nating makita ang wagas at walang sawang paglilingkod sa bayan.

Hindi pangako ang hanap ng Panginoon kay Pedro at sa ating lahat. Hindi salita at lalong hindi emojis lamang. Ang hanap niya ay hindi pangako kundi pagtupad. At ito ang pinaka mahirap sa lahat.

Ang tinutumbok sa liturhiya sa araw na ito ay walang iba kundi ang pagtupad sa pananagutan bilang pastol – ang parehong pananagutang ipinamalas niya sa kanyang pagpapakaskait, at pagkamatay sa krus.

Sa ating panahon, madali ang pumirma sa kasunduan, tulad ng pagpirma sa bagong trabaho. Pero mas madali ang lumisan, ang tumalikod, at ang mang-iwan sa ere kapag hindi natin nagustuhan. Madaling umorder sa *Lazada*, pero madali ring *i-cancel* ang inorder. At ang kabaligraran ay totoo rin . . . kay daling mag-deliver ng hindi naman inorder. Kay raming *scam* na kumakalat sa mundo natin.

Ang lahat ay taliwas sa pangaral ng pagbasa ngayon. Iniibig mo ba ako? Ito ang tanong rin sa atin ng Panginoon. Ang sagot natin? Opo! Pues! Panagutan mo!

Celebrating the Centenary of the Canonization of St. Therese of the Child Jesus (1924 - 2024)




MABUHAY SA PAG-IBIG
Talambuhay ni St. Therese ng Lisieux

P 360.00
(A set of 2 Books)

Available at
Word And Life Religious Bookstore
Tel. Nos. (632) 8894-5401 • 8818-8636 • 0917-6295485
E-mail: wordandlifepublications@gmail.com

Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereigiousstore_2021
<https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore>





Protagonists OF THE CHRISTIANIZATION OF THE PHILIPPINES

Limited Edition



Available Now!!!
Word and Life Publications

P 2,500.00
(A Set of Four Books)

Word And Life Publications

Tel. Nos. (632) 8894-5401 • 8818-8636
8845-1792 • 0917-6295485

E-mail: wordandlifepublications@gmail.com

Click our
QR CODES
for our online shops at
Shopee and Lazada.

